SAAN KAYO MAKAKAKUHA NG PAG-IKSAMEN PARA SA HEPATITIS B O NG PAGPAPA-BAKUNA LABAN DITO?

- Magtanong sa inyong doktor o klinika tungkol sa pagpapa-iksamen para sa hepatitis B. Magtanong tungkol sa pagpapabakuna laban sa hepatitis B para sa inyo, sa inyong mga anak at sa inyong mga kasama sa bahay.
- Kung kayo ay walang doktor, tumawag sa kagawarang pangkalusugan na pinakamala-pit sa inyo para alamin kung sila ay gumagawa ng mga pag-iksamen para sa hepatitis B o nagbabakuna laban sa hepatitis B.



Pangalagaan laban sa hepatitis B ang inyong sarili, ang inyong anak at ang mga miyembro ng inyong pamilya. Ang tatlong pagbabakuna laban sa hepatitis B ay mapangangalagaan kayo laban sa isang malubhang sakit.

Kung kailangan ninyo ng karagdagang impor-masyon tungkol sa hepatitis B, tawagan ang inyong doktor, ang kagawarang pangkalusugan na pinakamalapit sa inyo, o ang Healthy Mothers, Healthy Babies sa 1-800-322-2588.

Washington State Department of Health

1-800-322-2588
Information and Referral Line

A service of
Healthy Mothers, Healthy Babies
Coalition of Washington

Para humiling ng paglalathalang ito na nasa ibang anyo, mangyaring tumawag sa

1-800-525-0127

DOH PUB 348-046 (7/98)

ANG KAILANGANG MALAMAN NG MGA ASYANO AT MGA PACIFIC ISLANDER TUNGKOL SA HEPATITIS B



Tagalog

Ang mga tao na may lahing Asyano at Pacific Islander ay may mas malaking panganib na magkasakit ng hepatitis B. Ito ay dahil karaniwang nagkakasakit ng hepatitis B ang mga taong mula sa mga lugar na tulad ng Southeast Asia, China at Pacific Islands.

ANO ANG HEPATITIS B?

Ang hepatitis B ay isang malubhang sakit na sanhi ng isang virus na sumasalakay sa atay. Maaari itong maging dahilan ng pagkakapinsala sa atay, cancer sa atay, at kahit pagkamatay.

Ang karamihan sa mga taong nagkakasakit ng hepatitis B ay walang nararamdamang may sakit sila at maaaring hindi nila alam na sila pala ay may hepatitis B. Maaari nilang mahawahan ang kanilang mga anak at ibang miyembro ng kanilang pamilya nang hindi nila nalalaman.

Ang mga sanggol at mga batang musmos na nagkakasakit ng hepatitis B ay may napakalaking panganib na magkaroon ng sakit na ito sa panghabang-buhay at magkaroon ng sakit sa atay pagsapit nila sa sapat na gulang.

PAANO KUMAKALAT ANG HEPATITIS B?

Ang hepatitis B ay naipapasa sa ibang tao sa pamamagitan ng dugong may hepatitis B o mga likidong mula sa katawan. Ito ay maaaring maipasa:

- Sa isa't-isang mga taong may-kaugnayang sekswal
- Ng isang ina sa kanyang sanggol sa panahon ng pagsilang
- Sa pamamagitan ng paggamit ng mga karayom, labaha, hikaw o sipilyo ng ibang tao
- Sa pamamagitan ng nginunguya muna ang pagkain ng sanggol o musmos bago ito isubo sa kanila

Ang hepatitis B ay hindi karaniwang naipapasa sa pamamagitan ng:

- Pagbahing
- Pag-ubo
- Paggamit ng plato ng ibang tao
- Paghawak sa kamay ng ibang tao
- Pagsususo ng sanggol ng gatas ng kanyang ina

Walang-panganib ang magpasuso ng inyong sanggol kahit kayo ay may hepatitis B, nguni't ihinto kaagad kung may-putok ang inyong utong o magkasugat ang inyong suso.

Kinakailangan kayong maging mas maingat kung kayo ay may kasama sa bahay na may hepatitis B. Magpaiksamen para sa hepatitis B at kung hindi pa kayo protektado, pangalagaan ang inyong sarili sa pamamagitan ng 3 bakuna laban sa hepatitis B.

SINO ANG MAY KAILANGAN NG BAKUNANG HEPATITIS B?

- Kung kayo ay may lahing Asyano o Pacific Islander, mahalagang maiksamen kayo at ang inyong pamilya para sa hepatits B. Kayo ay mapapangalagaan ng 3 pagbabakuna laban sa sakit na hepatitis B kung hindi pa kayo napapangalagaan laban dito.
- Ang lahat ng sanggol na isinilang sa Estados Unidos ay dapat bigyan ng tatlong bakuna ng hepatitis B.
- Kung ang inyong anak ay isinilang sa ibang bansa o kung kayo ay hindi nakatitiyak kung nabakunahan siya laban sa hepatitis B, hilingin sa inyong doktor o klinika na iksaminin ang inyong anak at tiyakin na siya nga ay ganap na napangangalagaan laban sa hepatitis B.